inihahandog ng UPLB Writers' Club para sa
Pandaigdigang Araw ng Tula 2025

kadiyot nga pagpauli

Paunang Salita

Homesickness is both a specific and vast emotion, being felt and manifesting in many ways. When away from what we know, there are times where we feel homesick. But to be specific, what home do we yearn for? Is it our family, our parent's cooking, the feeling of companionship, or something we cannot quite name?

Despite the different things we associate with home, it cannot be denied that we're looking forward to the time we come back to its warmth. Bahalag kadyot lang - even just for a while - a short homecoming would always be welcome.

Paano Pumunta sa Kahapon?

ni Rafflesia

paborito ko ang magnolia drink, yong grape ang
flavor na binebenta sa SU canteen
labingpitong pisong bayad pabalik sa luntiang
gusali ng paaralan ko no'ng elementarya
sa bag kong ang tanging laman ay color-coded
notebooks at 12 times 12 kong aralin
noong hindi pa ganoon kalaki ang tubo sa mga
inuutang kong saglit na ligaya



pupunta ako sa main library para hiramin ang
librong pina-reserve ko sa koha
tungkol na sa inorganic chemistry ang dating
"bambi, the little deer" na birthday gift ni mama
isang hakbang papuntang pangarap ang katumbas
ng pagbuklat ng isang pahina
na noon ay panaginip lang na dumadalaw tuwing
pipikit sa bawat "the end" ng mga istorya

tapos ay didiretso ako sa laboratory class sa physci
building para magpaalipin muli sa agham
kasabay o kasalubong sa pagpasok ng lecture hall ang mga
susunod na dalubhasa ng bayan
at maaalala ko na manipestasyon ng aking kahapon ang
ako ng kasalukuyan
noong mga panahong hinihiling ko lang pumasa sa upcat
tuwing sasapit ang 11:11 sa orasan

kapag alas-singko na ng hapon at nag-aagawan na ng lugar sa
langit ang liwanag at dilim,
'gaya ng lagi ay lalakarin naming magkakaibigan mula kay oble
papuntang pili drive at pabalik
dadalhin ako ng kahabaan sa alaala ng mga taong ngayo'y
malayo na ngunit nasa ilalim ng parehong takipsilim
at maliligaw ako sa memorya ng mga tawanan nilang tanging
komportableng ingay sa nakasanayan kong pananahimik

babalik ako ng dorm para sa mga bagaheng iniligpit, ako na lang at ang iniwang espasyo ng mga kasama
na iiwan ko rin para maghintay ng jeep na may "sm calamba" doon sa sakayan makalagpas kaunti ng vega
at itutulog ko ang humigit-kumulang isang oras na byahe sa sandaling pagsuko sa pagod
magmumulat ako ng mata eksaktong huminto si manong tsuper sa babaan nitong pamilyar na lungsod



kapag nilalakad ko na ang abalang kalsada ng halang hanggang sa kanto ng salgado sa lecheria
kapag nasa kaligtasan na ako ng apat na haligi ng aking kwarto sa tahanang pinagsasaluhan naming pamilya
doon lang ako dadalawin ng labis na pananabik, nakauwi na ay saka pa ako lubos na mangungulila
dahil walang anumang direksyon patungo sa mga lumipas at nagdaan na ang maglalapit ng distansya ng mga iyon sa aking pag-iisa

Rafflesia

Si Rafflesia ay nakatira sa Calamba at kasalukuyang nag-aaral ng BS Chemistry sa UP Los Banos. Hilig niyang bumasa ng mga akda sa kahit anong genre ngunit kasalukuyang nahihilig sa mga lokal na panitikan. Madalas siyang tambay sa Sesam, nag-aaral, tulog sa al fresco ng main library, o 'di kaya'y nananatili sa kaniyang dorm sa Raymundo, nagpipinta bilang paraan ng pagbabawas ng stress.

Ako Ug Ang Akong Kamingaw

ni Not_Gwenchana

Sa kadako sa kawanangan
Mura rag tuldok ang kalibutan
Kung tan awon
Gikan sa mga bitoon
Kita na mga tawo
Murag dili na makit an

Maayo kay dili ako lang isa
Ang nag-inusara
Diri sa lugar na bag-o
Nakakita kog mga taga-layo

Pero sa akong mga mata
Pinakadako gyud ang,
akong kaugalingon
ug mga tawong ginapalangga nako
Maong akong panan-aw, maluagan
Nagapangita sa ilang presensya
Akong kasing-kasing, maghuot
Sa mga panahong nag-inusara

Magkinataw anay sa among pareho
Na kaagi ug
Maghinilakay sa among pareho
Na kasubo ug
Mabawasan ang akong kasapot
Kamingaw sa akong pamilya kay mukunhod

Kung dili, ako na lang ginatan-aw
Ang gamay na mga bitoon
Kay gikan didto,
gamay ra among kalay-on
Ug gikan diri,
Sa parehong mga bitoon mi nagpailawom

Me and My Yearning

ni Not_Gwenchana

In the vastness of the
universe
Earth looks like a dot
If seen from the stars
We, humans, are very small

But in my eyes,
Me and my loved ones
take a lot of space
That's why my eyes see the
emptiness,
seeking for their presence
And my heart feels tight
Whenever they're not around

Thankfully, I'm not
the only one who is alone
In this new place
I've found people who also
seek solace

We laugh at our shared
experiences and,
cry at our shared
sadness and,
it calms my inner turmoil
The yearning I feel is somehow lessened

If not, I just look at the small stars
Because from there,
The distance between us is insignificant
And from here, I take comfort at the
thought
That we're under the same twinkling
dots



Not_Gwenchana

Not_Gwenchana is a UPLB student who's still having a hard time to adjust to the new environment, even after three years of being in Los Banos. She finds herself seeking the familiarity of GenSan, along with her loved ones who live there. Whenever she's feeling lonely, she hangs out with her friends and looks at the sky, imagining that she's by her family's side.

Hindi Lamang Lagnat ang Sakit sa Tag-Ulan

ni hersapling

napakalakas na naman ng pag-iyak ng kalangitan,
kung kaya't ang sarap mapirmi nalang sa higaan,
nang biglang tumawag si Mama para mangumusta,
at doon na nabuo ang lumbay sa aking mga mata.

ayos lang ako kanina at tinatamad pang bumangon,
subalit ngayo'y nasa aparador na ang aking atensyon,
aayusin ko na ba ang gamit at bibitbitin ang payong?
wala pang bawas ang pera, may pangpasalubong.

hiling ko nang makatikim ulit ng tunay na pagkain,
ang mainit-init na sabaw sa bagong lutong kanin,
atat na ring mabigyan ang mga kuneho ng halik,
kaso simula palang ng linggo kaya hindi makabalik.

hindi naman nakasasabik ang Cabuyao na bisitahin,
marahil ay sanay na kaya hindi na bago ang tingin,
pero labis ang asam na makatapak agad paglaon,
sapagkat sa gitna ng sigwa, doon ako makakaahon.

ngunit walang akong magawa kundi itulog ang poot,
at ang pangungulila'y gusto munang ibaon sa limot,
kaya sana ay tumahan na sa pagbulusok ang langit,
pati rin ang damdamin kong nais nang makauwi ulit.

hersapling

Si hersapling ay isang mag-aaral ng BS Agricultural Biotechnology sa UP Los Baños. Sumali siya sa mga organisasyon ng dulaan at ng malikhaing pagsulat upang mabalanse ang pagkahilig sa sining at agham. Lagi niyang gustong matulog at magpahinga subalit kung bibigyan ng oras para dito ay mas pipiliin niya paring gumawa ng kung ano-ano.

Biyernes

ni silver

Natapos na an huring klase sa huring aldaw kaning semana
Madiklom na alagad maliwanag an mga bituong nakalinya
sa tinampong halaba
Tuninong an kinaklasehan ta maribok na an mga dalan
Pauli na an mga pag-asa kan bayan

Naglalakaw paduman sa pila kan lulunadan
Dara-dara an mga badong nagamit, sa harong lalabahan
Pati an mga gibuhon, mga papel na sinuratan
Bitbit an pagal kan maghapong laban

Dara-dara an pasalubong, score na masiramon
Pamilya an masalubong
Salamat ta biyernes na ning hapon
Tapos na an semanang nakakaribong

Maogma ta pauli na
Makakapahingalo na
Maski dikit na oras
Makakahangos nin maaliwalas
Yan sinda

Ako man, pauli na
Dara-dara an sakong pamanggihan
Napaisip, kun sain sinda mahali,
Duman ako paduman
Pauli sa sakuyang pansamantalang istaran
Dahil para sa mga arog ko, mas haloy an pansamantala
Ta an huring aldaw kan semana
Dae aldaw nin pag uli sa harong
Kundi aldaw nin paglaom na makauli man sa masunod

Biyernes

ni silver

Natapos rin ang huling klase sa huling araw nitong linggo
Madilim na pero maliwanag ang mga bituing nakalinya sa kalsadang patungo
Tahimik ang mga silid-aralan dahil maingay na ang mga daan
Pauwi na ang mga pag-asa ng bayan

Naglalakad patungo sa pila ng mga sasakyan
Dala-dala ang mga damit na nagamit, sa bahay lalabhan
Pati ang mga gawain, mga papel na sinulatan
Bitbit ang pagod ng maghapong laban

May dalang pasalubong, scores na kay sarap
Pamilya ang sasalubong nang may yakap
Salamat dahil biyernes na nang hapon
Tapos na ang nakakahilong linggo

Masayang pauwi na
Makakapagpahinga na
Kahit kaunting oras
Makakahinga nang maaliwalas
'Yan sila

Ako naman, pauwi na
Dala-dala ang aking hapunan
Napaisip, kung saan sila galing
Doon ako papunta
Pauwi sa aking pansamantalang tahanan
Dahil para sa mga kagaya ko, mas matagal ang pansamantala
Sapagkat ang huling araw ng linggo
Hindi araw ng pag-uwi sa bahay
Kundi araw ng pag-asa na makakauwi rin sa susunod

silver

Si silver ay isang Bicolana na naglakas-loob na mag-aral sa UP Los Banos ng kursong BS Chemical Engineering. Hilig niya ang paglalakad at gaya ng karamihan, tuwing siya ay naglalakad, samu't saring isipin at ideya ang pumapasok sa kanyang isipan na mas pinagyabong pa ng mahabang lakarin sa loob ng unibersidad. Ang pagsulat ay ang kanyang pansamantalang pagtakas sa mga math at engineering problems kaya't pagbigyan ninyo na.

hindi ko alam

ni Xie Xie

hindi ko alam ang pakiramdam
ng isang pinggan
sa may banggerahan
na hindi na nahuhugasan

hindi ko alam ang pakiramdam
ng talim
ng isang kutsilyong
kinalawang na lang sa aparador

hindi ko alam
ang pakiramdam
ng maiwan
mag isa sa tahanan

hindi ko alam

kung ano ba ang tahanan
na gusto kong uwian
sa tuwing gustong tumahan

sa tuwing luluha; laging hanap ang
uuwian
gusto kong malaman
kung ano ba ang tahanan
para alam ko kung ano ang pangungulian.



Xie Xie

Si Xie Xie ay ang pinakamagandang nilalang na napadpad sa Elbi in 116 years at patuloy pa rin siyang nakikipagpuksaan sa lahat ng puno't halaman bilang isang mag-aaral ng BS Forestry. Kung hindi man siya nasa classroom ay makikita siyang naghahanap ng gagamitin niyang halaman para sa kaniyang SP (at hindi niya pa rin nakikita) o di kaya ay mahimbing na natutulog sa orange na sofa ng SU building. Madalas niyang tignan nang masama ang mga kakilala at ngitian ang mga estrangherong ngumingiti sa kaniya (mahina kasi talaga memorya niya).

gnaw

by void

i once swore:
i will leave, and i will never come back.
to the house that once sheltered me,
i could only wish to be set free
yet when i left, i did not rejoice—i feared
for the freedom i once craved dear

now i find myself looking back
not with anger, but with wistful eyes.
i was still the same kid who wished
i should be anywhere but there
yet i long for it unlike any other—
i just could never satiate my hunger

so, i tried to look for that house
in the corners of my new town
i searched hard for that same quiet scene,
and the ceiling that traps me from within

i learned that there was nothing like that place
so i would dig with these raw hands
inside my ribs, to the flesh that decays–
i would pull out the same heart they castrated,
and gnaw desperately like a snake swallowing its tail–
surviving off my distant memories, choking on my scales;
constantly reliving the days too familiar,
where I first earned the scars i reopen every day
until nothing but bones remain to be buried in time.

(the thing about me is that,
i will gut myself when i need to.
just to feel something, anything,
like how i used to die on the soil
that takes a life to live.)



void



void is a Lagunense studying BA Philosophy at UP Los Baños. Their love for literature is immense, especially for the grotesque and weird genre, having authors like Kafka and Lovecraft as their main inspirations. They could only work under pressure, hence the huge amount of cramming throughout the academic year. Usually, you will see them with headphones outside. They love milk a lot, and they hate Car Seat Headrest.

Mapait nga Adobo

ni marya

nagakahangyaw na ang akon mga biyas
nagahabulang mga butil sa agtang
tanghaling tapat nagatan-aw-tan-aw
naga pangita sang adobo

madamo na nga mga babayi ang na
pangutan-an
may adobo kamo bala?
ang tam-is, asim, kag sakto nga anghang
ang ginhain sa akon ay mapait nga adobo





nagapamalipat-lipat na ako
sa mga karinderya sa bungto
sa kada kanto, kada eskinita
nagakalam na ang tiyan

bisan pa malambo na ang tikang
tuyo ang ngabil kag nagakalam ang tiyan
mabalik sa lugar nga diin
indi mapait ang adobo kundi namit

Mapait na Adobo

ni marya

ngawit na ang biyas ko
naghahabulang mga butil sa noo
lumilinga-linga sa tanghaling-tapat
naghahanap ng makakaing adobo

ilang ale na ang napagtanungan
may adobo ho ba kayong binebenta?
'yong matamis, maasim, saktong anghang
ang hinain sa hapag, adobong mapait





nagpalipat-lipat na ko sa
mga karinderya sa bayan
sa bawat kanto ng
kumakalam na ang sikmura

kahit pakaladkad na ang hakbang
nalulupang bibig, umuugong na tiyan
babalik sa lugar kung saan
masarap, at hindi mapait ang adobo

marya

Si marya ay isang mag-aaral ng BA Communication Arts, kasalukuyang iginagapang ang semestre sa kabila ng matinding pangungulila sa luto ng kaniyang Mama. Madalas siyang bumili ng mga bagay na hindi naman niya kailangan, gaya ng mga librong mina-mine sa ElBids pero hindi naman binabasa. Makikita siya sa mga sulok-sulok ng study hubs, nakiki-WiFi para mag-aral o para makipagchismisan sa Telegram.

Indi ko ka-isrot kun nga-a sa kagin-ot
s a n g k a g a b - i h o n ,
ginabalhas ang t a w a s, apang
mayami ang b a l a t y a g o n.

Gin-uba ko ang akon bayo sa
panumduman nga maka ginhawa,
pero w a l a ko na mapunggan pa
ang p a g k u p o sa l a w a s.
Ang p a g b a r i k u t o t nga daw lapsag
Balik sa p osisyon sang ara pa ako sa tiyan
sang a k o n i l o y . . .
Malamig, magutok, pero akon lang
ang b a l a y - b a l a y nga ato.
Malayo sa subong nga maski
d i i n n a l a n g
kailangan ko
p a m a t u d - a n
ang akon panindugan—
ang akon k a p u s l a n a n.
Sa kaugalingon ko nga h i g d a a n
G i n a h i l a s ako sa k a h i d l a w
sa angga, sa pamukaw
sa panyapon,
sa pamahaw
sa pangakig,
s a m g a
s i n g - a l
sa paha,
sa dapal
Indi—
Indi ko gusto
magbalik pa
lapit sa ila.
Indi ko
man gusto magtinir diya.
Gusto ko lang magdalagan.
Gusto ko lang i-number 3 ang electric fan.

Kapa-ang

ni Talithi

Hindi ko maintindihan kung paanong
s a i n i t n g g a b i n g i t o
k a t a w a n ay namamawis, ngunit
nanlalamig ang d a m d a m i n .

Hubo't hubad na sa pag-aakala na
mas m a k a k a h i n g a
subalit hindi pa rin mapigilan pang
y a k a p i n a n g s a r i l i .
B u.ma l u k t o t na parang sanggol
Balik sa posisyong nung nasa sinapupunan
p a n g a k i n g i n a . . .
Malamig, masikip, pero akin lang
yaong b a h a y - b a h a y a n.
Hindi tulad sa ngayon na
kahit saan na lang
k a i l a n g a n pang
p a t u n a y a n
ang aking paninindigan—
ang aking k a p a k i n a b a n g a n
Sa sarili kong h i g a a n
B a l i s a sa p a n a n a b i k
sa pagsuyo, sa panggising
sa hapunan
at agahang
i n i h a i n
sa s u w a y,
sa sigawan
sa sinturon,
sa sampal
H i n d i —
Ayaw nang
bumalik pa
sa kanila
Ayaw ko
ring manatili pa.
Gusto ko nang lumisan.
Gusto ko lang i-number 3 ang electric fan.

Alinsangan

ni Talithi



Talithi



Si Talithi ay isang mag-aaral ng BS in Agricultural Biotechnology sa UP Los Baños mula sa Iloilo. Mahilig siyang magsulat at magbasa ng mga prosa on a good day, at magbedrot at mag-escapism on a bad day (mas madalas ito). Ewan, gusto na niyang matapos 'to. Tama na ang limang taon.

UPLB

WRITERS'

CLUB